QC school heads, brgy. chairmen pwede nang magsuspinde ng klase

Maaari nang magsuspinde ng pasok ng mga mag-aaral ang mga school heads at barangay chairpersons sa Quezon City.

Ito ayon sa Quezon City's School Disaster Risk Reduction and Management Councils (SDRRMC) na kung nakikita nilang kinakailangang ipatupad ang hakbang upang mapangalagaan ang mga mag-aaral dulot ng nararanasang masungit na panahon.

Ayon sa SDRRMC, ang hakbang ay batay sa resulta ng ginawang pulong tungkol sa QC's local protocols hinggil sa pagdedeklara ng suspension ng klase ng mga mag-aaral at pasok sa trabaho sa lungsod.

Una nang nagpalabas si QC Mayor Joy Belmonte ng Memorandum Circular No. 1 na nagtatakda ng general guidelines hinggil sa localized cancellation o suspension ng klase ng mga mag- aaral at pasok sa trabaho sa mga tanggapan sa gobyerno.

Sa naturang kautusan, binibigyan nito ng kapangyarihan ang mga paaralan at barangays na magdeklara ng kanselasyon ng pasok kung kinakailangan para sa kaligtasan ng publiko.

Sinabi ni QC Disaster Risk Reduction and Management Council head Mike Marasigan na agad ipapaalam sa kanyang tanggapan ng mga barangay at paaralan na nagdesisyon na silang kanselahin ang klase dahil kinakailangan.

Sa ilalim ng guidelines, ang city-wide class suspensions ay dapat inaanunsyo ng alas 4:30 ng madaling araw at bago mag-alas 11 ng umaga para sa afternoon classes. *(Angie dela Cruz)*